

The TRIANGLE
MAN and the
FLIGHTLESS
DIWATA

Story by
Kate Osias


Art by
Dex Fernandez

Filipino translation by
Rhandee Garlitos



Sa pagdating ng Taong Tatsulok noong araw na iyon, tuluyang nakahinga nang maluwag ang diwang si Amparo. Hindi naging madali para sa kaniya na siya lamang ang tanging diwang di makalipad; mas masahol pa na namumukod-tangi siya sa iba pang mga diwang humahagibis at humahaginit (at kumakampay at humihiging) sa pagbukadkad ng iba't ibang kulay, na may kahalo pang malambot na bigkis ng balahibo, kumukutitap na alitaptap at kumikinang na butil ng alikabok.





Ngunit nang dumighay ang Salamin ng Sarikulay
at iniluwa ang Taong Tatsulok, biglang di na
pinakakakatwa sa lahat si Amparo.

"Tila kakatwa, tila kakaiba
Di ba't tila may mali sa kaniya?
Ang ulo'y tatsulok at walang pakpak,
Di ba't isa siyang tiyanak?"

Paulit-ulit na inusal ng mga diwata ang
malupit nilang tugma hanggang gabi. Sa
kanilang pag-alis, naglakas-loob si Amparo na
lapitan ang dayo.

"Aayos ka lang ba?" tanong niya mula sa
di kalayuan.

"Iwan mo ako," sagot ng Taong Tatsulok na
tila ka-tinig ng isang batang lalaki.



"Alam ko ang nararamdaman mo," sabi ni Amparo. "Manahimik ka lang at magsasawa rin sila kalaunan."


"Talaga?"

Ngunit di kayang sabihin ni Amparo ang totoo. Tinantanan lamang siya ng mga diwata nang dumating na ang Taong Tatsulok. Sa halip, may lungkot sa kaniyang ngiti at siya ay umalis.

Kinabukasan, muling bumalik ang mga diwata upang
kutyain ang Taong Tatsulok.

"Tila kakatwa, tila kakaiba
Di ba't tila may mali sa kaniya?
Singkit ang mga mata, dambuhala ang mga paa,
Pinakapangit na nilalang na iyong makikita."





Nang gabing iyon, nagkaroon ng lakas ng loob (dahil nalulungkot para sa kaniya) si Amparo at sinabing, "Parang ganiyan din ang tukso nila sa akin." Habang ginagaya niya ang matitinis na boses na mga diwata, siya ay nagpatuloy,


"Padalos-dalos, matangkad, mataba,
May nakakatawang ilong at katawan ng daga.
Paanong lilipad ang tulad niyang tabatsoy?
Paanong lilipad, kung kumai'y parang baboy?"



Sa ilang sandali, nanahimik ang Taong Tatsulok.
"Sa tingin ko, di ka naman mataba," kagyat niyang sinabi.

"Tingin ko rin, di ka naman kakaiba," tugon ni Amparo sa kaniya.

At sabay silang napangiti. Pakiramdam ni Amparo, di na siya gaanong nag-iisa.




Sa mga sumunod na araw, nagpaulit-ulit ang pangungutya. Di maubos ang mga pintas ng mga diwata ('Kay-itim na tila kampon ng dilim') at sa pag-alis nila, naroroon si Amparo upang aluin siya.

At sa mga tahimik na gabing tulad noon — na walang mga diwata, mga bigkis ng balahibo at mga alitaptap, at ang mga butil ng alikabok ay malamlam at may banayad na liwanag — ay tinatanong ni Amparo ang Taong Tatsulok tungkol sa mga bagay na bumabagabag sa kaniya simula nang sila ay magkita.

"Bakit ka naririto?" usisa niya. "Bakit ka nananatili?"

"Dahil ako ay nawawala," sagot nito. "Dahil lubha akong natatakot na muling gamitin ang Salamin ng Sarikulay."


Hindi nakatugon si Amparo sa kaniyang sinabi.



"Bakit ka naririto?" balik nito sa kaniya.
"Bakit ka nananatili?"

"Dahil dito ako nabibilang," sabi ni Amparo. "Ibig kong sabihin, saan naman ako pupunta? Ano pa ang puwede kong gawin?" dagdag nito.

"Lagi tayong puwedeng mamili," sabi ng Taong Tatsulok, na tila mas may gulang na. "Pinili kong maging duwag, ngunit iyon ang aking pasya."



Sa mga sumunod na linggo, naging mas mapangahas ang mga diwata. Nagsimula silang kumuha ng mga butil ng alikabok at isinaboy ito sa Taong Tatsulok. Nasundan ito ng mas malalaking bagay, tulad ng mga talulot at dahon. Ngunit nang sinasabuyan na siya ng makukulay na dagta mula sa mga timba ay tuluyan nang pumatak ang kaniyang mga luha.

"Tama na! Masakit!"


palag nito. Natigmak ang Taong Tatsulok sa mantsa ng mga kulay at kaniyang mga luha.

"Tama na!"



Ngunit puspos ng galak ang mga diwata. Ito ang unang pagkakataon na siya ay napaiyak nila. Tinawag nila ang kanilang mga kaibigan, at maging mga kaibigan ng kaibigan nila, at nang maubusan na sila ng tatawagin, tinawag nila si Amparo.

"Padalos-dalos, matangkad, mataba,
May nakakatawang ilong at katawan ng daga.
Samahan mo kami sa pagpapaiyak
At nang tuluyang lumayas itong tiyanak."





Inabot sa mga kamay ni Amparo ang isang timbang may dagtang mapusyaw na dilaw. Tinulak at siniko (at inudyok at hinila) ng mga diwata si Amparo hanggang sa mapalapit, at mapalapit nang mapalapit, at tuluyang napunta sa harapan mismo ng Taong Tatsulok.

Hindi siya huminto sa pag-iyak. Hindi siya nakiusap sa kaniya na huminto. Sa halip, tinakpan niya ng kaniyang mga kamay ang mukha niya.


Sa isang kagila-gilalas na saglit, bawat isa ay napatigil, tila batid ng bawat bigkis ng balahibo at alitaptap at alikabok at diwata kung gaano kahalaga ang sandaling ito kay Amparo. Ito na ang pagkakataon upang maging kabahagi nila. Ito na ang pagkakataon upang di na siya ma-etsa puwera. Ito na ang pagkakataon upang siya'y makalipad at tuluyang mapabilang.

Ngunit tanging si Taong Tatsulok ang kaniyang nakikita, matangkad at malaki, maliliit ang mga mata, sadyang kakaiba sa kaniya, sadyang kakaiba sa lahat ng mga nilalang ng kanilang daigdig, nanginginig sa takot. Naging malinaw ang kaniyang pasya.





"Hindi," sagot ni Amparo sa pagharap niya sa mga diwata. "Iba siya, oo, ngunit di kakatwa. Matangkad siya, oo, ngunit di isang halimaw. Tatsulok nga ang ulo niya, ngunit di siya pangit." Binitawan niya ang timba. "Ako'y naiiba rin, at siguro nama'y walang masama roon."



Lahat ay muling nagsigalaw. Nagsimula sa isang diwata, na naging dalawa, na sa kalauna'y dumami na ang nagsimulang magsaboy ng makukulay na dagta patungo sa direksyon nina Amparo at ng Taong Tatsulok. Di alam ni Amparo kung sino ang nagpasimula, ngunit di na ito mapigilan nang masimulan na. Ginagawa nila ang inaakala nilang ginagawa ng lahat. Walang halaga ang kaniyang mga sinabi.



Nilingon ni Amparo ang Taong Tatsulok. Patuloy itong umiiyak, nagpupumilit mangunyapit upang maging maliit.

"Tayo na," sabi ni Amparo sabay turo sa Salamin ng Sarikulay. "Iwan natin ang lugar na ito."

"Ngunit wala tayong lugar na matatakbuhan!"

"May nagsabi sa akin na lahat ng bagay ay pagpili. Piliin nating maging matapang. Gawin nating dalawa ito."
Iniabot ni Amparo ang kaniyang kamay.





Nanginginig man, kinuha ito ng Taong Tatsulok. Tigmak ng iba't ibang kulay, magkasama silang lumakad tungo sa salamin upang hanapin ang lugar kung saan sila tunay na nabibilang.



About this Book

CANVAS' flagship activity, the Romeo Forbes Children's Story Writing Competition, as far as we know, is the only one of its kind anywhere on the planet.

We commission an artist to come up with an artwork, and Filipino writers are encouraged and invited to join a storywriting contest based on its image. The same artist, then, will bring the story to life through a series of new works.

This book is the latest product of this unique process.

In 2013, we asked Dex Fernandez for a contest piece (shown below). His mixed media piece inspired over seventy stories from all over the world from which Kate Osias' "The Triangle Man and The Flightless Diwata" emerged victorious.

In the coming months and years, we will then donate tens of thousands of copies of this book directly to children in poor and disadvantaged communities throughout the Philippines. Our hope is that by doing this, we are helping to create a generation not only of readers, but of lovers of books.


Your purchase of this book supports our mission, and we are truly grateful. Thank you!



About the AUTHOR

Kate Osias occasionally ventures out into the real world to hoard chocolate and shop for shoes. She has won four Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, the Gig Book Contest, CANVAS' 3-Sentence Storywriting Contest and the 10th Romeo Forbes Children's Storywriting Competition. She has earned a citation in the international Year's Best Fantasy and Horror for her story "The Riverstone Heart of Maria dela Rosa" (Serendipity, 2007).

Her works appear in LONTAR: Journal of Southeast Asian Speculative Fiction #1, in various volumes of the Philippine Speculative Fiction, Horror: Filipino Fiction for Young Adults, Maximum Volume and the WFC Unconventional Fantasy (2014). As of this writing, her stories will be coming out in The Sea is Ours: Tales of Steampunk Southeast Asia, LONTAR #4, and Science Fiction: Filipino Fiction for Young Adults. She co-edited the sixth and seventh volumes of Philippine Speculative Fiction, the latter with her husband and fellow writer Alex Osias. Find her and her updated bibliography on Facebook.



About the ARTIST

Dex is an interdisciplinary artist whose work ranges from paintings and drawings, to murals and mixed media works that draw inspiration from street art, found footage, and thrift shop posters. By layering tattoo patterns on portraits, religious iconography on pop imagery, and almost psychedelic patterns and colors on vintage posters or photographs, Dex opens a dialogue between high and "low" culture.

Dex graduated from the Technical University of the Philippines with a BFA, major in Advertising and is based in Caloocan City. The Triangle Man and the Flightless Diwata is his first children's book.





CANVAS' 1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.

You can help us!

For more information, visit www.canvas.ph, email info@canvas.ph, or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.